**The Miracle**

# Ang Himala ng Kapanganakan mula sa Isang Birhen



## WARM-UP

- Mag isip ng isang bagay na ginawa mo simula sa umpisa. Bakit mo ito ginawa? Ano ang hindi mo malilimutan tungkol dito?
- Pangalanan ang isang taong gusto mong kasama. Bakit siya madaling lapitan?
- Paano mo ipinapakita ang pagmamahal mo para sa isang tao? Hanggang saan ang kaya mong gawin para sa kanya?

## WORD

[20]*Habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon at nagsabi, “Jose, na mula sa angkan ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang pagbubuntis niya'y sa* ***pamamagitan ng Banal na Espiritu****.* [21]*Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, dahil* ***ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan****.”* [22]*Nangyari ang lahat ng ito upang matupad ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta,*
[23]*“Magbubuntis ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki. Tatawagin siyang Emmanuel” (na ang ibig sabihin, “****Kasama natin ang Diyos****”).* **MATEO 1:20–23**

(Basahin din ang **LUCAS 1:34–38.**)

Ang Pasko ay tunay ngang isang pagdiriwang, dahil dumating na ang Mesias na ipinangako ng Diyos. Labis na inaasahan ng mga Hudyo na ang Mesias ang kanilang magiging Hari at magliligtas sa kanila mula sa pang-aapi. Dahil Siya ay manggagaling sa angkan ni David, ang pinakadakila nilang hari, inakala nilang darating Siya sa isang engrandeng paraan. Pero ang aktuwal na pagsilang ng Tagapagligtas ay nangyari sa pinaka hindi inaasahang pangyayari. Gayunpaman, plano ng Diyos na gawing maganda ang isang ordinaryong bagay. Sa araw na ito, titingnan natin ang himala ng Pasko, kung paano kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng mga imposibleng bagay at kung paano Niya binago ang pananaw ng mga tao noong kapanganakan ni Jesus.

## 1 Si Jesus ay mahimalang ipinagbuntis sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

*Habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon at nagsabi, "Jose, na mula sa angkan ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang pagbubuntis niya'y* ***sa pamamagitan ng Banal na Espiritu****."* **MATEO 1:20**

Noong sinabihan si Maria ng anghel na ipagbubuntis niya ang isang batang lalaki, tila imposible ito sa kanya. Siya ay walang anumang karanasan, maging kay Jose man o sa ibang lalaki (Mateo 1:18; Lucas 1:34). Ngunit ipinakita ng Diyos na ang Banal na Espiritu ay gagawa ng isang himala kay Maria. Sinabi ng anghel na lililiman siya ng *kapangyarihan ng Kataas-taasang Diyos* (Lucas 1:35), isang hindi pangkaraniwang pagbubuntis. Ito ang paraan ng Diyos upang ipakita na si Jesus ay ipapanganak na banal at walang bahid ng kasalanan, na Siya ay naiiba sa lahat ng batang isinilang matapos ang paglikha kay Adan, na nahulog sa kasalanan. Paano naaapektuhan ng katotohanang ito ang pananaw mo tungkol sa planong pagtubos ng Diyos?

## 2 Si Jesus ay Diyos na kasama natin—isang himalang maaari nating maranasan araw-araw.

*"Magbubuntis ang isang birhen at manganganak ng isang lalaki. Tatawagin siyang Emmanuel" (na ang ibig sabihin, "****Kasama natin ang Diyos****").* **MATEO 1:23**

Noong panahon ng propetang si Isaias, nangako ang Diyos na magpapadala Siya ng isang taong may pangalan na nangangahulugang *kasama natin ang Diyos* (Isaias 7:14). Pagkalipas ng ilang daang taon, ganap na natupad ang propesiyang ito ayon sa kung ano ang sinabi ng Diyos na mangyayari. Ang pagdating ni Jesus ay paraan ng Diyos upang maiparating sa atin na kasama natin Siya sa paraang mas makakaunawa sa atin—sa pamamagitan ng pagkasilang

bilang isang tao upang maging tulad natin at makasama natin. Sa kasalukuyan, pinipili pa rin ng Diyos na makasama tayo, anuman ang ating mga sitwasyon. Paano ipinakita sa iyo ng Diyos na kasama mo Siya kahit sa mga tila ordinaryong lugar at panahon?

## 3 Pumarito si Jesus para iligtas ang Kanyang mga mamamayan mula sa kanilang mga kasalanan.

*"Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus dahil **ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan**."* **MATEO 1:21**

Ang pagkakabuo sa sinapupunan at kapanganakan ni Jesus ay isa nang himala. Habang lumalaki ang edad, karunungan, at pangangatawan ni Jesus, patuloy Siya sa paggawa ng mga himala. Pero naparito Siya para gawin ang pinakadakilang himala sa lahat—ang iligtas ang *Kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan*. Ang mga handog at sakripisyong hayop na iniaalay ng tao ay malayong-malayo sa pagiging perpekto na kailangan upang ganap tayong mapalaya mula sa kasalanan. Ngunit dahil sa pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga mamamayan, pinili Niya na ibigay ang nag-iisa Niyang Anak upang maging huling sakripisyo. Paano nagbago ang buhay mo simula noong manampalataya ka sa ginawa ni Jesus sa krus?

Sa pamamagitan ni Jesus, kumilos ang Diyos sa bawat bagay na tila imposible sa kasalanan at sa mundo. Siya ang Diyos ng mga bagay na imposible. Tulad ng pagtitiwala at pagpapasakop ni Maria sa kalooban ng Diyos, maaari rin natin itong gawin *sapagkat walang imposible sa Diyos* (Lucas 1:37–38). Habang nagtitiwala tayo sa Diyos para sa mga himala, nawa ay maging daluyan tayo ng Kanyang mga himala para sa iba at maipakilala Siya.

## APPLICATION

- Tinatawag ka ba ng Diyos na simulan ang isang bagay na mukhang imposible? Paano ka kikilos para sagutin ito batay sa sinasabi ng salita ng Diyos ngayon?
- Naniniwala ka bang kasama mo ang Diyos ngayon? Ano ang mga bahagi ng buhay mo kung saan kailangan mong maramdaman ang Kanyang presensya?
- Mayroon ka bang mga kaibigan o kapamilya na ipinapanalangin mong tumanggap ng libreng kaligtasan ibinibigay ni Jesus? Paano magiging isang buhay na patotoo ng biyaya ng Diyos ang buhay mo para sa kanila ngayong linggo?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos dahil walang bagay na mahirap para sa Kanya at tapat Niyang tinutupad ang Kanyang mga salita. Pasalamatan ang Diyos para sa biyayang ibinibigay Niya upang mapagtagumpayan ang mga bagay sa pamamagitan ni Jesus.
- Ipanalangin na mas maramdaman mo ang presensya ng Diyos na sumasaiyo sa anumang oras at lugar. Hilingin sa Diyos na iayon Niya ang iyong mga kaisipan at pamamaraan sa Kanya.
- Ipanalangin ang isang taong kilala mo na nangangailangang makarinig tungkol kay Jesus, ang pinakadakilang regalo ng Diyos sa sangkatauhan. Ipanalangin na bigyan ka ng Diyos ng lakas ng loob at pagmamalasakit na ibahagi ang mabuting balita sa kanila ngayong kapaskuhan.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez, Ian Susi, Kriscel Wee

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.